VIII-4 Mga Bangko at Pagpapadala ng Pera sa Ibang Bansa

1. Bangko (*Ginkoh*)

Ang mga empleyado ng kompanya ng bansang Hapon at ang mga dayuhang may balak manatili ng 6 na buwan ay maaaring magbukas ng savings account sa bangko. Dalhin ang Alien Registration Card at *hanko* sa bangko at isulat ang mga hinihinging impormasyon sa application form. Makakatanggap ng Libreta sa Bangko o bankbook kapag nag-open ng account. Magagamit ito para itala ang mga transaksiyon sa bangko at para na rin magpatunay ng pagmamay-ari ng account. Sa paglalabas o withdrawal ng pera, kakailanganin ang bankbook at *hanko*, para sa mga dayuhan ay maaari na rin ang pirma nito bilang kapalit ng tatak ng *hanko*.

Kung nais magkaroon ng ATM card (Cash Card) ay iisyuhan nila kayo. Kung mayroon na kayo nito, kahit walang bankbook ay maaaring maglabas o magdeposito ng pera sa ATM. Bukas ang mga bangko simula 9 ng umaga hanggang alas 3 ng hapon lamang ng karaniwang araw, subalit maaaring gumawa ng transaksiyon sa ATM tulad ng paglalabas ng pera at iba pa kahit na o tapos na ang oras ng serbisyo ng bangko.

May mga ATM machine din sa mga “convenience stores” at sa loob ng istasyon ng tren.

(Kadalasan, may karagdagang bayad ito)

2. Post Office (*Yubinkyoku*)

Ang mga post office ng bansang Hapon ay may mga serbisyong katulad ng sa bangko. Kahit sinong dayuhan na may Alien Registration Card ay maaaring magbukas ng account. Tulad ng bangko, nag-iisyu rin sila ng ATM card.

Ang pag-dedeposit at remitans ay simula 9:00 umaga hanggang 4:00 ng hapon lamang (maliban sa Katapusan ng taon at Bagong taon, Sabado, Linggo at mga national holidays).

3. Pagpapadala ng Pera sa Ibang Bansa o Remitans

Dalawa ang pamamaraan ng pagpapadala ng pera sa ibang bansa o remitans: sa bangko at sa post office.

Dapat alalahanin na hindi lahat ng sangay ng bangko ay may serbisyong pagpapadala ng pera o remitans sa ibang bansa. Sa mga post office naman ay maaari lamang ang pagpapadala ng pera o remitans sa Yutyo bank sa post office na mayroong international remitans.

Bukod sa pagpapadala ng pera sa ibang bansa sa pamamagitan ng account-to-account transmission ay maaari rin ang money order (pagpapadala ng tseke sa pamamagitan ng mail o koreo). Maaaring magpa-isyu ng money order sa bangko at post office.

Ayon sa regulasyon ng batas, maaaring hilingan na ipakita ang Alien Registration card o iba pang ID sa pagpapadala ng pera. Bukod dito, ang pagpapadala ng pera o remitans sa ibang bansa na hindi sa pamamagitan ng post office, bangko at iba pang lisensiyadong institusyon ay isang paglabag sa batas.